
2

# Araling Panlipunan

## Ikaapat na Markahan – Modyul 8:
## Ang Pangarap Kong Komunidad




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Araling Panlipunan – Ikalawang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikaapat na Markahan – Modyul 8: Ang Pangarap Kong Komunidad**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Michael L. Santos
**Editor:** Rosalie V. Feliciano
**Tagasuri:** Annalyn L. German EdD, Emmanuel V. De Mesa
Maria Eleonor D. Gavino
**Tagaguhit:** Kharlyn P. Banzon
**Tagalapat:** Mark Greg C. Binasoy
**Tagapamahala:**
Nicolas T. Capulong PhD, CESO V
Librada M. Rubio PhD
Ma. Editha R. Caparas EdD
Nestor R. Nuesca EdD
Rolando T. Sotelo DEM
Annalyn L. German EdD
Emmanuel V. De Mesa

**Inilimbag sa Pilipinas ng Kagawaran ng Edukasyon – Rehiyon III**
Office Address: Matalino St. D.M Government Center, Maimpis, City of San Fernando (P)
Telefax: (045) 598-8580 to 89
E-mail Address: region3@deped.gov.ph

2

# Araling Panlipunan

## Ikaapat na Markahan – Modyul 8: Ang Pangarap Kong Komunidad

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Araling Panlipunan, Ikalawang Baitang ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Ang Pangarap Kong Komunidad!

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:

*Mga Tala para sa Guro*

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa Araling Panlipunan, Ikalawang Baitang ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa Ang Pangarap Kong Komunidad!

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| *Alamin* | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| *Subukin* | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| *Balikan* | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| *Tuklasin* | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |

| | |
|---|---|
| *Suriin* | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| *Pagyamanin* | Binubuo ito ng mga gawaing para sa mapatnubay at malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| *Isaisip* | Naglalaman ito ng mga katanungan o punan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung ano ang natutuhan mo mula sa aralin. |
| *Isagawa* | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| *Tayahin* | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |

| | |
|---|---|
| *Karagdagang Gawain* | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| *Susi sa Pagwawasto* | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| *Sanggunian* | Ito ang talaang pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anomang marka o sulat ang anomang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sinoman sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

## *Alamin*

Sa mga nakalipas na modyul na iyong napag-aralan ay lubos mong nakilala ang iyong komunidad. Bilang isang mag-aaral, may mga pangarap ka bang nabuo para sa iyong komunidad?

Sa modyul na ito ay pag-aaralan mo ang mga pangarap na nais makamit ng mga tao para sa komunidad.

Pagkatapos ng modyul na ito, ang mga mag-aaral ay inaasahang:

1. naipakikita ang iba't ibang paraan ng pagtutulungan ng mga kasapi ng komunidad sa pagbigay ng solusyon sa mga problema sa komunidad; (AP2PKK-IVg-j-6)
2. naisasaisip, naisasapuso, at naisasagawa ang mga magagandang kaugalian para sa pagtupad ng pinapangarap na komunidad; at
3. napahahalagahan ang mga magagandang kaugalian na itinuro ng mga magulang o guro para sa ikauunlad ng komunidad.

## *Subukin*

Panuto: Isulat ang tsek (**/**) kung ang pahayag ay nagpapakita ng pagtutulungan sa komunidad; ekis (**x**) kung hindi. Ilagay ang sagot sa sagutang papel.

1. Ang mga pulis ay nakikitang naglilinis ng paaralan tuwing may Brigada Eskuwela.
2. Nagkakabit ng mga parol at banderitas ang mga barangay **health worker** at kabataan.
3. Nagsasagawa ng bayanihan ang mga tao sa pamamagitan ng pamamahagi ng mga pagkain para sa mga biktima ng lindol.
4. Ang nanay at tatay ay nagluluto ng lugaw na may malunggay para sa mga batang kulang sa timbang.
5. Sina ate at kuya ay naglalaba sa ilog.

# Aralin 8
# Ang Pangarap na Komunidad

Bawat mamamayan ay may kanya-kanyang pangarap na nais matupad para sa sarili at sa komunidad.

Ang pagkakaroon ng maayos, tahimik, at payak na pamumuhay sa komunidad ay pangarap ng karamihan sa kasapi ng isang komunidad.

Bilang isang kasapi ng iyong komunidad mayroon ka din bang pangarap na nais makamit para rito?

## *Balikan*

Panuto: Iguhit ang masayang mukha (😊) kung nagpapakita ng pagtutulungan sa komunidad; malungkot na mukha (☹) kung hindi. Ilagay ang sagot sa sagutang papel.

1. Nagtutulungan ang mga kabataan sa pagdidilig ng halaman sa plasa.
2. Madaling natapos ng mga iskawt ang pagdedekorasyon sa entablado ng plasa dahil sa pagtutulungan.
3. Isinasara ko ang gripo pagkatapos kong maligo.
4. Naglilinis ng kani-kanilang bakuran ang mga tao.
5. Ang mga batang babae at lalaki ay naglilinis ng silid-aralan.

## Tuklasin

Ang bawat bata ay may pangarap na komunidad. Bilang mag-aaral, mayroon ka rin bang pangarap para rito? Narito ang pag-uusap ng dalawang batang may pangarap para sa kanilang komunidad.

### Usapang Pangarap

Nag-uusap ang magkaibigang Mark at Kharlyn sa palaruan ng paaralan.



Malinis na kapaligiran. Nasa tamang kaayusan ang mga gusali at panahanan. May pagkakaisa at pagtutulungan ang mga tao. Mahusay at tapat sa tungkulin ang mga pinuno. Isang modelong komunidad para sa batang katulad ko.



Panuto: Sagutan ang mga tanong ayon sa Usapang Pangarap. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Sino ang nag-uusap sa palaruan?
2. Ano ang pinag-uusapan nila?
3. Anong komunidad ang pangarap ni Mark?
4. Ano naman ang pangarap na komunidad ni Kharlyn?
5. Paano nila matutupad ang pangarap na komunidad?

## *Suriin*

Pangarap ng bawat tao ang komunidad na maunlad, malinis, masaya, maunlad, at may pagkakaisa.


Maraming mga bagay ang dapat isagawa at isaisip upang matupad ang pangarap na komunidad.

Ang mga magagandang kaugalian tulad ng pagiging masipag sa pag-aaral, masunurin at matiyaga ay ilan lamang sa mga kaugaliang dapat mong taglayin upang matupad ang pangarap mong komunidad.

## Pagyamanin

Gawain A


Panuto: Suriin ang larawan. Sagutan ang mga tanong at isulat sa sagutang papel.



1. Ano ang ginagawa ng mga tauhan sa larawan?
2. Nakabubuti ba ito sa komunidad?
3. Bakit kailangang gawin ito sa komunidad?
4. Mayroon bang tulad nito sa inyong komunidad?
5. Ano ang gagawin mo upang maging maganda, maayos at malinis ang iyong komunidad?

Gawain B

Panuto: Gumupit ng mga larawan ng bagay, estruktura o lugar na gusto mo para sa pangarap na komunidad. Idikit ang mga ito sa katulad na spider web sa ibaba. Ipaliwanag kung bakit iyan ang iyong pinili.




Rubrik

| Kraytirya | 1 | 2 | 3 | 4 |
|---|---|---|---|---|
| Presentasyon | Ginamit ang organizer o web ngunit hindi naibigay o naipaliwanag ang mga larawan batay sa pangarap na komunidad. | Ginamit ang organizer o web ngunit hindi malinaw na naibigay o naipaliwanag ang mga larawan batay sa pangarap na komunidad. | Ginamit ang organizer o web at malinaw na naibigay o napaliwanag ang mga larawan batay sa pangarap na komunidad ngunit hindi napunan ang lahat ng bilog. | Ginamit ang organizer at malinaw na naibigay o naipaliwanag ang mga larawan batay sa pangarap na komunidad. Napunan ng maayos ang lahat ng kahon |

## *Isaisip*

Panuto: Iguhit ang hugis puso (♡) kung ito ay isang mabuting gawain para sa komunidad, at ekis (x) kung hindi. Ilagay ang sagot sa sagutang papel.

1. Maging masipag sa pag-aaral.
2. Sumunod sa mga ipinag-uutos ng mga magulang.
3. Magkalat ng basura sa kalsada upang maraming linisin ang mga basurero.
4. Tumulong sa mga magulang sa pagtatanim ng mga halaman.
5. Makilahok sa mga gawaing pangkalinisan sa barangay.
6. Ilagay ang balat ng kendi sa bulsa o anomang pwedeng paglagyan kung walang makitang basurahan.
7. Lumiban sa klase at maglaro na lamang sa bahay.
8. Gawin ang mga takdang-aralin na ibinigay ng guro.
9. Magtapon sa ilog ng mga basura.
10. Maging magalang at matulungin sa lahat ng tao.

# Isagawa

Panuto: Isulat ang letrang W kung ang sumusunod na mga pahayag ay wasto at DW kung hindi.Ilagay ang sagot sa sagutang papel.

1. Bayanihan ang tawag sa tradisyong pagtutulungan ng mga tao sa komunidad na mailipat ang bahay sa ibang lugar.
2. Ang pagkakaroon ng pangarap para sa komunidad ay hindi nakatutulong.
3. Ang kagalingang pansibiko ay ang pagkakaroon ng bukas na puso o pagiging handa upang magampanan ang kanyang tungkulin sa komunidad.
4. Ang pagkakaroon ng kolonyal na mentalidad ay makatutulong nang malaki upang umunlad ang sariling komunidad.
5. Isang paraan upang maipakita ang suporta at tulong sa komunidad ay ang pagtupad sa magandang pangarap para sa rito.

## Tayahin

Panuto: Piliin ang letra ng tamang sagot mula sa loob ng kahon upang mabuo ang pangungusap. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

| | |
|---|---|
| a. isaisip | g. mag-aral |
| b. isapuso | h. magulang |
| c. kaayusan | i. pagtutulungan |
| d. kagandahang-asal | j. pangarap |
| e. Kasapi | k. tapat |

1. Bawat tao ay magandang ________________ para sa ikauunlad ng komunidad.
2. Kailangang _______________ na mabuti upang lumaking may karunungan.
3. Ang pagkakaroon ng mahusay at ______________ na pinuno ang pangarap ko.
4. Ang pagkakaroon ng magandang pag-uugali ay siyang ipinamana ng aking mga _____________.
5. Ang _________________ ng bawat kasapi ng komunidad ay isang magandang halimbawa upang mas mapadali ang mga gawain.
6. Ang komunidad ay magiging masaya at masigla kung ang bawat _____________ ng komunidad ay may pagkakaisa.

7. Kailangan isagawa, isaisip, at _____________ang magagandang katangian upang matupad ang pangarap para sa komunidad.
8. Ang guro ay nagtuturo ng _________________ sa mga mag-aaral upang lumaki silang may paggalang sa kapwa.
9. Ang __________________ ay isang lugar na tinitirhan ng batang tulad mo na may pangarap para rito.
10. Ang pagkakaroon ng _______________ sa komunidad ay nakatutulong upang maging ligtas at mahinahon ang mga kasapi nito.

## *Karagdagang Gawain*

Panuto: Gumuhit ng isang larawan na angkop sa pangarap mong komunidad. Sumulat ng tatlo o higit pang pangungusap batay sa larawang iyong iginuhit.

Rubrik

| Kraytirya | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |
|---|---|---|---|---|---|
| Presen-tasyon | Mahirap intindihin dahil hindi maayos at hindi rin malinis ang pagka-kaguhit | May kahira-pang unawain ang pagka-kaguhit. Hindi naipa-liwanag ang iginuhit. | Malinis ngunit hindi maayos ang pagkaka-guhit. Hindi angkop ang pagpapa-liwanag sa iginuhit. | Malinis at maayos ang pagkaka-guhit. May kaang-kupan at kalinawan ang pagpapa-liwanag sa iginuhit. | Malinis at maayos ang pagpaka-kaguhit. Angkop at malinaw ang pagpapa-liwanag sa iginuhit. |

# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

1. /
2. /
3. /
4. /
5. /

**Tayahin**

1. e
2. b
3. i
4. f
5. c
6. j
7. a
8. d
9. g
10. h

**Balikan**

1. ☺
2. ☺
3. ☺
4. ☹
5. ☹

**Isaisip**

1. ♡
2. ♡
3. X
4. ♡
5. ♡
6. ♡
7. X
8. ♡
9. X
10. ♡

**Suriin**

1. Si Mark at Kharlyn
2. Ang pangarap nilang komunidad
3. isang masaya at maunlad na komunidad
4. maging masipag, masikap, at mabuting tao
5. Mag-aral ng mabuti at sumunod sa magulang

**Pagyamanin**

1. Nagtutulong-tulong sa paglilinis ng komunidad
2. Oo, dahil nagiging maayos at maganda ang paligid
3. upang maging maganda, malinis, at maayos ang komunidad
4. Mayroon din.
5. Tutulong sa magulang sa paglilis upang mas mapadali ang mga gawain.

**Isagawa**

1. TAMA
2. MALI
3. TAMA
4. MALI
5. TAMA

# *Sanggunian*


Cruz, Gloria M. et.al. 2013. *Araling Panlipunan 2 Kagamitan ng Mag-Aaral.* Vibal Publishing House, Inc.

Gomez, Ma. Arsenia C., and Clamor-Canlas, Ma. Louren. 2015. *Tuklas Lahi Serye sa Araling Panlipunan 2: Edisyong K-12.* Bonanza Plaza 2, Block 1, Lot 6, Hilltop Subdiv. Greater Lagro, Novaliches, Quezon City, Philippines. Brilliant Creations Publishing, Inc.

Laggui, Charito N., and dela Cruz, Ninia H. 2015. *Araling Panlipunan 2 Pagsusuri: Edisyong 2015, Mapanuring implementasyon ng K to 12.* Ibon Center, 114 Timog Avenue, Quezon City, Philippines. IBON Foundation, Inc.

Nem-Varon, Diana.2020. *Kamalayang Panlipunan 2: Ang Aking Komunidad, Noon at Ngayon.* Abiva Bldg., 851 G. Araneta Ave., 1113 Quezon City, Philippines. ABIVA Publishing House, Inc.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph